Tunkol sa Small Business Health Options Program (SHOP)

Ang bagong paraan para bumili ng pangkalusugang kaseguraduhan para sa iyong maliit na negosyo

Ngayon, ang mga maliliit na negosyo katulad mo ay nahihirapan maghanap at makayanan ang pagsakop na makakatupad sa pangangailangan ng iyong mga empleyado. Sa simula ng 2014, magkakaroon ka ng mas maraming pagpipilian at kontrolado sa paggastos ng iyong pangkalusugang kaseguraduhan sa paraan ng Small Business Health Options Program (SHOP), ang bagong programa na ginawa para gawing simple ang paraan ng pagbili ng pangkalusugang kaseguraduhan para sa iyong maliit na negosyo.

Kontrolado mo ang pagsakop na inaalok mo

Ikaw ang namimili ng antas ng pagsakop, at alamin kung magkano ang iaabot mo patungo sa pagsakop ng mga empleyado mo. Magkakaroon ka ng pagpipilian para magalok sa mga empleyado mo ng nagiibang pagsakop galing sa maraming nagbebenta ng seguro — katulad ng ginagawa ng malaking kumpanya — ngunit kumuha ng isang talaan ng utang at gumawa ng isang kabayaran.

Paraan patungo sa buwis benepisyo

Magkakaroon ka ng pansariling paraan para makapasok sa pinalawak na Small Business Healthcare Tax Credit. Itong kredito ng buwis ay sumusuklop ng kasing lubos ng 50% ng kontribusyon ng amo patungo sa gastos ng bayad sa seguro para sa karapat-dapat na amo na mayroong mga mababa- hanggang kalagitnaang- sahod na tabahador.

Kapag ikaw ay bumibili ng kaseguraduhan sa paraan ng SHOP, pinadadali din nito ang pagpakinabang ng buwis pahinga, katulad ng pagkakataon mo at ang iyong mga empleyado para gumamit ng hindi pa pinabuwisan na dolyares para sa pagbayad ng seguro.

CMS
CENTERS FOR MEDICARE & MEDICAID SERVICES

Bagong proteksyon ng konsumidor

Ikaw at ang iyong mga empleyado ay makakakinabang din sa mga bagong proteksyon na makakatulong sa pagkuha ng nararapat na halaga para sa dolyares na pagbayad ng seguro. Mayroong mga bagong limitasyon sa matataas na pagbayad ng seguro ang maaaring isingil ng mga kompanyang nagseseguro sa mga mas matatandang empleyado, at ang empleyado na mayroong mataas na gastos sa pangangalaga ng kalusugan ay hindi na nagdadagdag sa pagbayad ng seguro ng grupo. Mayroon ding mga bagong limitado sa pagbahagi ng pagbayad ng seguro na mapupunta sa tubo at gastos sa pamamahala ng mga nagbebenta ng seguro.

Plano para sa kaseguraduhan na pinatatakbo ng mga pribadong kumpanya

Ang magagamit na plano para sa pangkalusugang kaseguraduhan sa SHOP ay patatakbuhin ng mga pribadong kumpanya ng pangkalusugang kaseguraduhan, katulad ng paraan na ipinatatakbo ng mga maliit na grupong plano ngayon. Lahat ng mga plano ay nagaalok ng benepisyo katulad ng plano ng "tipikong" amo, kasama ang tunay na proteksyon laban sa kapahamakan ng pampananalapi.

Ang mga plano ay maghahandog ng kanilang halaga at impormasyon ng pagsakop sa karaniwang ayos, gumagamit ng simpleng pananalita na malinaw at madali mong maintindihan. Ikaw at ang iyong mga empleyado ay madaling maghambing ng mga plano batay sa gastos, pagsakop, kalidad at iba pang mga tampok na importante sa iyo.

Gumamit ng sariling koredor, o mamili ng sarili mo

Maaari kang gumamit ng umiiral na koredor ng kaseguraduhan para makapasok sa SHOP, o maaari kang tumingin para mamili, ng walang koredor. Maaari mong suriin at paghambing ang halaga at pagsakop, magtapos ng isang aplikasyon, at pumili ng antas ng pagsakop na maayos sa badyet mo, negosyo mo, at ang mga empleyado mo.

Abangan ang dagdag na impormasyon sa Oktubre 2013

Sa simula ng Oktubre, maaari kang makakuha ng impormasyon tungkol sa lahat ng planong inaalok sa iyong pook. Ikaw at ang mga empleyado mo ay maaaring sumali sa pamamagitan ng iyong koredor, deretso sa pamamagitan ng website, o tumawag sa toll-free phone hotline.

7 bagay na maaari mong gawin para humanda ngayon

1. **Maghanda.** Gugustuhin mong magkaroon ng saligang impormasyon tungkol sa iyong negosyo nakahanda at magagamit, kagaya ng listahan ng mga empleyadong plano mong sakupin at ang iyong numero para sa tax ID.

2. **Pag-aralan ang naiibang klaseng pangkalusugang kaseguraduhan.** Sa pamamagitan ng Marketplace, makakapamili ka ng antas ng sakop na magbibigay sa iyo at sa mga empleyado mo ang tamang balanse ng gastos at mga benepisyo.

3. **Simulan mong pag-isipan kung ano ang plano na mas babagay sa negosyo mo.** Kakailanganin mong pumili ng araw ng buwan para magsimula ng pagsakop. Pag-isipan mo ang pagsasaoras na pinakamabuti sa mga empleyado mo — kadalasan ang mga nagbebenta ng seguro ay pababayaan kang mamili ng pagpapanibagong petsa na tutupad sa mga pangangailangan mo.

4. **Siguraduhin mong naiintindihan mo kung paano gumagana ang kaseguraduhan.** Halimbawa, gugustuhin mong intindihin ang kaibahan ng bayad sa seguro at sariling gastos, katulad ng bawas gastos at kasamang gastos. Gugustuhin mong ipaghambing ang detalye para makatulong lutasin kung ano ang plano ang nararapat sa iyo at ang iyong mga empleyado. Dalawin ang **www.HealthCare.gov** para matutunan mo kung paano gumagana ang kaseguraduhan.

5. **Ihanda mo ang badyet mo.** Pag-isipan mo kung magkano ang makakayanan mong gastusin para sa sakupang pangkat. Kakailanganin mo din pag-isipan kung magkano ang kayang gastusin ng mga empleyado mo para sa kanilang pagsakop.

6. **Gumawa ng listahan ng mga tanong <u>bago</u> dumating ang oras ng pagpili ng plano para sa pangkalusugan na iaalok mo.** Pag-isipan kung ano ang pinaka importante para sa budyet mo at sa mga empleyado mo.

7. **Maghanap ng tulong.** Kung ikaw ay kasalukuyang gumagamit ng ahente o koredor ng pangkalusugang kaseguraduhan, maaari ka nilang tulungan sa pamimili ng opsyon. Ang mga koredor ay nagbebenta ng maraming naiibang produkto ng kaseguraduhan at kadalasan ay binabayaran ng mga kumpanya ng kaseguraduhan o singilin ka ng patag bayad. Ang mga ahente ay nagtatrabaho para sa isang kumpanya ng kaseguraduhan.

Dalawin ang **www.HealthCare.gov** para mapagaralan ng husto ang Marketplace.

This is an Official
U.S. Government Product

CMS Produkto Num. 11630 - T (Tagalog)
Rebisado ng Disyembre 2012